Sinusundan ang patay ng tatlo: ng mag-anak niya, ng yaman niya, at ng gawa niya. Uuwi ang dalawa at maiiwan ang isa. Uuwi ang mag-anak niya at ang yaman niya, at maiiwan ang gawa niya.

Ayon kay Anas, malugod si Allah sa kanya: "Sinusundan ang patay ng tatlo: ng mag-anak niya, ng yaman niya, at ng gawa niya. Uuwi ang dalawa at maiiwan ang isa. Uuwi ang mag-anak niya at ang yaman niya, at maiiwan ang gawa niya."
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ang kahulugan ng ḥadīth: Kapag namatay ang tao, susundan siya ng mga maghahatid sa kanya. Sinusundan siya ng mag-anak niya. Inihahatid nila siya sa libingan niya. Sinusundan siya ng yaman niya. Ibig sabihin ng mga alipin niya at mga alila niya na mga inaari niya. Sinusundan siya ng gawa niya kasama niya. Uuwi ang dalawa at maiiwan kasama niya ang gawa niya. Kaya kung mabuti, mabuti rin ang kahihinatnan. Kung masama, masama rin ang kahihinatnan.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/4240